METROPOLITAN
TRANSPORTATION
COMMISSION

Bay Area Metro Center
375 Beale Street, Suite 800
San Francisco, CA 94105-2066
TEL 415.778.6757
E-MAIL info@mtc.ca.gov
WEB www.mtc.ca.gov

NEWS RELEASE

For Immediate Release

Contact: John Goodwin 415.778.5262
Leslie Lara-Enriquez 415.778.5258

Inaanyayahan ng MTC ang mga Residente na Magbahagi ng Opinyon sa mga Napanukalang Pagbabago ng Polisiya sa Express Lane

Sasaklawin ng mga Pagbabago ang Bagong I-80 Express Lanes, mga Pinakamababang Toll, Pilot Program, Clean Air Vehicles, mga Hangganan ng Sona

SAN FRANCISCO, Abril 9, 2025… Dahil sa mga bagong Express Lane sa kahabaan ng Interstate 80 sa Solano County na inaasahang bubuksan sa huling bahagi ng 2025, ang Metropolitan Transportation Commission (MTC) at ang Bay Area Infrastructure Financing Authority (BAIFA) na sangay nito ay nag-aanyaya sa mga residente ng Bay Area na alamin pa at magbigay ng komento tungkol sa mga napanukalang pagbabago sa Express Lane Toll Facility Ordinance sa panahon ng pagbibigay ng komento ng publiko na nagsisimula ngayon at magpapatuloy hanggang Mayo 9.

Ang mga Express Lane ay mga carpool lane na nagbibigay ng priyoridad sa mga bus at carpool ngunit bukas din sa iba pang driver na piniling magbayad ng toll para sa mas mabilis, higit na maaasahang biyahe. Para mapanatili ang bilis at pagiging maaasahan ng mga Express Lane, tumataas at bumababa ang mga toll batay sa mga antas ng trapiko. Ang Toll Facility Ordinance ay nagtatatag ng mga toll ng Express Lane, isang proseso ng pagkolekta ng toll, at mga parusang sibil para sa pag-iwas sa mga toll sa mga Espress Lane ng MTC-BAIFA. Kabilang dito ang mga Express Lane sa Interstate 880 sa Alameda County at I-680 sa Contra Costa County. Maaaring higit na matututo ang mga manlalakbay sa https://mtc.ca.gov/express-lanes-policies.

Ang MTC at BAIFA ay nagpapanukala ng mga pagbabago sa umiiral na Toll Facility Ordinance para suportahan ang pagbubukas ng mga bagong Express Lane sa kahabaan ng magkabilang direksyon ng I-80 sa pagitan ng Red Top Road sa Fairfield at I-505 sa Vacaville at para isapanahon ang mga piling polisiya para sa lahat ng Express Lane ng MTC-BAIFA sa

Bay Area. Bilang karagdagan sa pagsasama ng I-80 Solano Express Lanes sa Toll Facility Ordinance, ang pagsasapanahon na ito ay kabilang ang:

- Pagpapahintulot sa mga pilot project na Express Lane na magtagal nang hanggang sa tatlong taon at palawigin pa ng karagdagang tatlong taon..
- Pagtaas ng pinakamababang toll sa 75 cents kada sona ng toll mula sa kasalukuyang 50 cents kada sona.
- Pag-iskedyul ng Setyembre 30, 2025, ang petsa na magtatapos ang diskwento para sa clean air vehicle maliban kung ang mga pagbabago sa batas pederal ay pinagtibay na nagpapahintulot sa mga clean air vehicle pagkatapos ng petsang iyon na gamitin ang mga carpool lane nang hindi tumutugon sa nakapaskil na mga pangangailangan ng bilang ng nakasakay sa sasakyan.
- Pagsasaayos ng mga hangganan ng mga sona ng toll sa Express Lane ng MTC-BAIFA sa kahabaan ng papunta sa timog na Interstate 680 sa Contra Costa.

Kabilang sa mga pilot project na nasa ilalim ng konsiderayon ay ang pagpapalawak ng umiiral na Express Lanes START na inisyatiba (na nagpapahuntulot sa mga driver na may mababang kita na maging kwalipikado para sa kalahating presyo ng toll sa kahabaan ng I-880 Express Lanes sa Alameda County) upang isama ang bagong I-80 Solano Express Lanes at isang test ng weekend tolling sa I-80 Solano Express Lanes. Ang mga pilot na ito ay isasaalang-alang para sa pag-apruba ng BAIFA sa huling bahagi ng taon na ito, hiwalay sa pagpapatibay ng isang napapanahong ordinansa sa toll.

Ang MTC at BAIFA sa gabi ng Miyerkules, Abril 23, ay magsisilbing host ng isang informational webinar tungkol sa mga napanukalang pagbabago sa Toll Facility Ordinance. Magsisimula ang webinar ng 6:30 p.m. at maaaring ma-access online o sa pamamagitan ng telepono sa:

- Zoom link: https://bayareametro.zoom.us/j/84200502355?pwd=MhJtYgPcMFT7t9NJ6yYGKDfNFBikSG.1
- **Webinar ID:** 842 0050 2355
- **Passcode:** 828986
- **Telepono:** 669-900-6833

Ang MTC at BAIFA ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa mga napanukalang pagbabago sa Toll Facility Ordinance sa Biyernes, Mayo 9 sa ganap na 9:35 a.m. sa boardroom sa Bay Area Metro Center, 375 Beale Street sa San Francisco. Ang mga interesado sa publiko ay inaanyayahan na magbigay ng komento sa pagdinig o magsumite ng nakasulat na mga komento bago ang 5 p.m. sa Mayo 9 sa online sa www.mtc.ca.gov/BAIFA-toll-ordinance, sa pamamagitan ng email sa expresslanes@bayareametro.gov (mangyaring ilagay ang “BAIFA Toll Ordinance” sa subject line), sa pagpapadala sa fax sa 415-536-9800, o sa U.S. mail na naka-address sa MTC Public Information Office sa 375 Beale Street, Suite 800, San Francisco, CA 94105.

Ang MTC ay ang ahensiya sa pagpaplano, pinansiyal at koordinasyon ng transportasyon para sa siyam na county ng San Francisco Bay Area.

# # #

J:\SECTION\LPA\PUBLIC INFO-SHARE\Press Releases_news adv\Express Lanes\BAIFA Toll Ordinance Public Hearing 4-25.docx